# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## Course100 Primeval History

## CBS107 Ang Tore ng Babel

**Conrad Jun Tolosa**

### *Ang Tore ng Babel*

Mula sa angkan ni Noah muling nagsimula ang pagdami ng tao sa mundo. Ang direction ng lakbayin ng tao ay patungong silangan. Sila ay isang angkan at isa lang ang kanilang wika.

Matutunghayan natin ang kuwento ng Tore ng Babel sa Genesis 11:1-8. Maraming taon ang lumipas matapos ang delubyo. Dumami na naman ang mga tao. Ang paglaganap at paglalakbay nila ay patungong silangan. Dumating sila sa Shinar at doon sila ay namirmihan. Ang sabi nila ay ganito, *Magtatag tayo ng isang siyudad na may toreng aabot sa langit upang tayo ay magkapangalan, at hindi mapadpad sa iba't ibang dako ng mundo at magkahiwa-hiwalay*. Ito ay labag sa kalooban ng Diyos.

Minsan pa, sinalungat ng tao ang balak ng Diyos. Ang kalooban ng Diyos ay punuin ng tao ang mundo, subalit sa pagkakataong ito, tulad ni Cain, ang plano ng tao ay gumawa ng siyudad upang hindi kumalat sa mundo.

Ang kuwentong ito ng Tore ng Babel ay nagtapos sa pag-uusap ng Godhead: Ngayon ay nagkakaisa silang lahat at iisa ang kanilang wika. Pasimula pa lamang ito ng mga binabalak nilang gawin. Hindi magtatagal at gagawin nila ang anumang kanilang magustuhan. Ang mabuti'y bumaba tayo at guluhin ang kanilang wika upang hindi sila magkaintindihan. Ginulo ng Diyos ang kanilang iisang wika. ([5] *And the LORD came down to see the city and the tower, which the children of man had built.* [6] *And the LORD said, "Behold, they are one people, and they have all one language, and this is only the beginning of what they will do. And nothing that they propose to do will now be impossible for them.* [7] *Come, let us go down and there confuse their language, so that they may not understand one another's speech."* [8] *So the LORD dispersed them from there over the face of all the earth, and they left off building the city.* [9] *Therefore its name was called Babel, because there the LORD confused the language of all the earth. And from there the LORD dispersed them over the face of all the earth.*)

At dahil hindi na sila magkaintindihan, sila ay nagkanya-kanya ng landas. Hindi na natuloy ang paggawa ng toreng aabot sa langit. Natupad and kaloobang ng Diyos na punuin ng tao ang mundo. Kaya pala, there are more than 7,100 ang bilang ng mga languages spoken sa buong mundo sa ngayon.

Sa kabanatang ito, masasaksihan natin ang tinatawag na Divine intervention. Dahil sa masama ang motibo ng mga taga-Shinar, ginulo ng Diyos ang kanilang iisang wika at ito ang dahilan ng hindi pagkakaunawaan ng tao na nauwi sa pagkakanyang landas tungo sa iba't ibang lupalop ng mundo. Nang magkahiwa-hiwalay na ang mga nagtatayo ng tore, ang angkan ng tatlong anak ni Noah ay nagkanya-kanya ng direksyon sa kanilang lakbayin.

Si Ham ang tatay ni Canaan. Ang angkan ni Ham ang nagtungo sa gawing timog sa direction ng Egypt at Africa. Ang angkan ni Japheth ay mandaragat. Pinaniniwalaan na ang angkang ito ang nagtungo sa

gawing kanluran sa direction ng Mediterranean Sea. At ang angkan ni Shem ay nagtungo sa direction ng Persian Gulf, sa Mesopotamia.

Bagamat inaasahan na tayo ay magplano sa buhay, kinakailangan na, 1) ang layunin ng ating plano ay hindi sasalungat sa kalooban ng Diyos, 2) ang pamamaraan na ating gagamitin sa pagpapatupad ng ating layunin ay makadiyos, 3) mayroon tayong sapat na kakayahan at resources upang matapos ang ating sinimulan at hindi ito mabibitin, at 4) pakay natin na maghintay ng hudyat mula sa Diyos bago humakbang (Proverbs 16:1, 16:3, 16:9).

Kahit na 8 billion na ang tao sa mundo, kung tutuusin napakalawak pa ng mga lupain na hindi pinamamamahayan ng mga tao. Hindi pa puno ang mundo. Paano mapupuno ang mundo kung nagsusumiksik ang milyon-milyong tao sa limitadong ispasyo sa tinataguriang mega-cities, tulad ng Metro Manila, Tokyo, New York City, Rio de Janeiro, Mumbai at marami pang iba.

Ang problema ay hindi over-population kundi mismanagement ng earth's resources. At ang pinakaugat ng problemang ito ay ang greed for power ng iba't ibang nasyon.

Ang pambatang awiting Bahay Kubo ay dapat muling ituro sa mga kabataang Pilipino. Nakalimutan na ng sambayanan ang mandato ng Diyos na lupigin ang lupa at ang katotohanan sa likuran nito na sa pagbubungkal ng lupa ay mayroong kakainin ang tao. Ang pagbubungkal na rin ng lupa upang makapagtanim ng lahat ng uri ng nagbubungang punongkahoy ang panggagalingan ng material para makapagtayo ng bahay. At kasama na rin sa pagbubungkal ng lupa ang pagpaparami ng hayop na magsisilbing pagkain para sa mga mamamayan. Sa katunayan, kung hindi magsisiksikan ang mga Pilipino sa Metro Manila o ano pa mang malalaking siyudad, matutupad nila ang mandatong punuin ang buong kapuluan ng Pilipinas, lupigin ang buong lupain at pamahalaan ang lahat ng isda sa ating karagatan, mga ibon sa ating himpapawid at mga hayop sa ating kagubatan at kabukiran.

### *Closing Thoughts*

Ang pag-ibig ng Diyos ay walang katapusan subalit ang Kanyang pasensiya ay may hangganan. Huwag nating isipin na dahil sa maraming mga masasamang loob ang tila baga nakalulusot sa paggawa ng kasalanan ay wala nang pakialam ang Diyos sa ating bansa. Tila baga na pinababayaan Niyang maghari ang mga makapangyarihang politico na patuloy sa kanilang pangungurakot, sa pagpaslang ng mga journalists na naglalantad ng kanilang mga pagnanakaw at pang-aabuso sa kapwa, sa kanilang pandaraya sa eleksyon, sa kanilang patuloy na pagwawalang bahala sa mga ginugutom na mga anak ng mahihirap. Huwag nating isipin na wala nang pakialam ang Diyos sa panggugulo ng mga taxi, jeepney at tricycle drivers sa ating mga lansangan at highways at sa pangongotong ng mga kapulisan. Huwag din nating isipin na walang pakialam ang Diyos sa mga nagmamaneho ng mga mamahaling sasakyan na parang mga hari kung umasta sa lansangan. Huwag nating isipin na wala nang pakialam ang Diyos sa mga krimeng nangyayari sa ating paligid tulad ng sex trade, kidnapping, akyat-bahay, lagayan sa mga ahensiya ng gobyerno. Tulad nang nangyari nang panahon ni Noah, walang dudang darating ang paghatol ng galit ng Diyos sa ating bansang puno na ng karimlan.

Maliwanag ang mensaheng ibinigay sa akin ng Panginoong Diyos para sa mga mamamayang Pilipino, maging mananampalataya man o hindi: Magsisi kayo sa inyong mga kasalanan; malapit na ang pagbababalik ni Cristo at sa muling paggunaw ng mundong ito; sa pagkakataong ito hindi sa pamamagitan ng tubig kundi ng apoy.

***Multiple Choice:***

1. Sa paanong paraan sinalungat ng mga taga Shinar ang plano ng Diyos?
   a. Sila'y naninirahan ng may pagkakaisa.
   b. Sila'y naghangad maging tanyag sa buong mundo.
   c. Sila'y nagnais na manirahang sama-sama habang-buhay.
   d. All of the above.

2. Kapag hinayaan ng Diyos ang mga tao sa Shinar sa kanilang makasariling hangarin, ano ang maaari nilang kauwian?
   a. Sumamba at maglingkod sa Diyos.
   b. Maging isang siyudad na tanyag at kinikilala.
   c. Yumaman at maging maunlad ang katayuan.
   d. Gawin na lang ang sariling naisin at kalimutan ng lubusan ang kalooban ng Diyos.

3. Ano ang tamang statement?
   a. Ang pag-ibig at pasensya ng Diyos ay unlimited.
   b. May hangganan ang pag-ibig at pasensya ng Diyos.
   c. Ang pag-ibig ng Diyos ay walang hangganan sapagkat ito ay bahagi ng Kanyang kalikasan, subalit ang pasensya ng Diyos ay limited ng Kanyang righteousness na bahagi rin ng Kanyang kalikasan.
   d. None of the above.

4. Ano ang tamang statement?
   a. Maraming different languages kasi ginulo ng Diyos ang dati nilang isang wika.
   b. Dahil sa hindi pagkakaunawaan kaya nagkahiwa-hiwalay ang mga tao.
   c. Natural sa tao ang naisin na gumawa ng pangalan para maging sikat tulad ng mga taga-Shinar.
   d. All of the above.

5. Alin ang maling pangungusap pag dating sa pagpaplano sa buhay?
   a. Isakatuparan ang plano ng naayon sa paraan na kalugod-lugod sa Diyos.
   b. Isakatuparan ang mga plano bagamat kapos sa kakayahan at pera dahil "The Lord will provide eventually".
   c. Isakatuparan ang plano at siguruhin na ito ay naayon sa kalooban ng Diyos.
   d. None of the above.

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.